# God’s Electing Love (Mal. 1:1-5)

pastorderick.com/2015/02/08/gods-electing-love-mal-11-5/

Hindi ko alam kung anong nangyayari sa buhay ninyo ngayon. Pero kung tinitingnan n’yo ang mga magagandang nangyayari sa buhay n’yo (halimbawa?), maaaring sabihin n’yo sa sarili n’yo, “Aba, pinagpapala ako ng Diyos. Siguro magaganda ang mga nagagawa ko. Natutuwa siya sa akin kasi ako ay isang mabait, mabuti, at masipag na Cristiano. Napakabuti talaga ng Diyos.”

Kung hindi naman mabuti ang nangyayari sa buhay n’yo (halimbawa), maaaring sabihin n’yo sa sarili n’yo, “Ayan kasi, ako naman ang may kasalanan niyan, hindi kasi ako masunurin sa Diyos. Nagagalit siya sa akin.” O kaya naman kung ang tingin mo sa sarili mo ay mabuting Cristiano ka naman, tapos parang di magaganda ang nangyayari sa iyo, ang iba sasabihin ganito, “Ano ba yan? Akala ko mabuti ang Diyos. Akala ko mapagmahal ang Diyos. Hindi ko naman nararamdaman. God doesn’t care anymore.”

Ang problema dito ay maling perspective. Kapag tumingin tayo sa nangyayaring masama sa paligid natin at sa buhay natin, we may feel depressed and hopeless. Kung tinitingnan naman natin ang sarili natin na OK naman ang mga ginagawa natin, kaya dumadaloy ang blessings ni Lord sa buhay natin, we may feel prideful and arrogant and self-righteous. Parehong unbelief ang problema noon.

Ang problema natin ay hindi circumstances kundi condition ng puso natin. Na ganoon din naman ang condition ng puso ng mga Judio sa panahon ni propeta Malachi.

https://pastorderick.files.wordpress.com/2015/02/20150208unfailinglove1.mp3

Nasa dulo ito ng Old Testament, katabi lang ng Matthew. Pero ang pagitan nito ay higit 400 years dahil may 400 years of prophetic silence sa pagitan ng NT at OT. Maaaring kasabayan ni Malachi sina Ezra at Nehemiah, na nanguna sa reformation ng Judah pagkatapos ng 70 taong pagkakatapon (exile) sa kanila sa Babylon. Wala na ang northern kingdom ng Israel, ang natira ay ang southern kingdom of Judah. 586 BC nang bumagsak ang bansang ito sa mga Babylonians sa pangunguna ni Nebucchadnezar. Pero sa plano ng Diyos, bumalik sila sa lupain nila makalipas ang 70 taon.

Politically and economically speaking, siyempre may problema din sila. Pero ang pinakaproblema talaga nila ay ang spiritual condition nila. Naitayo muli ang pader ng Jerusalem, pati ang templo, tapos nagpatuloy na ang mga sacrifices. Medyo maayos ang sistema ng worship kung pisikal ang pag-uusapan, pero ang puso nila ay malayo sa Diyos. They were “skeptical of God’s love (1:2), careless in worship (1:7), indifferent to the truth (2:6-7), disobedient to the covenant (2:10), faithless in their marriages (2:15;

3:5), and stingy in their offerings (3:8)” (John Piper sermon on Malachi 1:1-5).

Kung hindi political ang main problem nila, hindi sa mga government leaders ang kailangan nilang marinig. Ganoon din sa bansa natin, kung tingin natin political ang main problem, we’ll just be waiting for the President to speak. Kung hindi rin economic ang problema, hindi mga business leaders ang kailangan nating marinig. Ang kailangan nating marinig ay ang salita ng Diyos, because we have a spiritual problem, we all have a heart problem.

Ganito ang simula ng Malachi, *“Ito ang mensahe ng Panginoon para sa mga taga-Israel* (ibig sabihin, sa mga Judio) *sa pamamagitan ni Malakias*” (1:1 ASD). Ang ibig sabihin ng pangalang Malachi ay “my messenger” (3:1). Ang salita ni Malachi ay papakinggan nila dahil ang Diyos mismo ang nagsasalita. Ang “mensahe ng Panginoon” ay literally “the burden of the word of the Lord.” Hindi lang ito basta salita, ito ay isang burden. This was not just a casual or friendly talk. This is a serious matter. Merong burden sa puso ni Malachi na nasa puso din ng Diyos na kailangang sabihin sa kanyang bayan. I pray na ang maging burden ko palagi sa preaching dito ay kung ano ang burden ng Diyos na nakasulat dito.

Ang pinakamahalaga at pinaka-kailangan nating marinig ay hindi salita ng tao kundi salita ng Diyos. Kung babasahin n’yo ang buong Malachi mapapansin n’yong ganito ang structure ng bawat section. May sasabihin ang Diyos (Sabi ni Yahweh…), at alam niya ang sasabihin ng mga tao (pero sinasabi ninyo…), at pagkatapos ay ipapaliwanag niya at papatunayan na totoo ang sinasabi niya [ch. 2:14, 17; 3:7, 8, 13]. Nais ng Diyos na hindi tayo tumingin o makinig sa ibang tao o sa sarili natin, kundi sa sinasabi niya. Sa 55 verses sa maikling aklat na ito, 47 ay personal na salita mula sa Diyos. Ito rin ay salita niya para sa ating lahat. “All Scripture is breathed out by God and profitable…” (2 Tim. 3:16). Makinig kayong mabuti, hindi dahil sa sasabihin ko, kundi dahil may sinasabi ang Diyos para sa ating lahat.

## Unfailing Love

Ang title ng sermon series na ito ay “Unfailing Love.” Bakit? Unang-unang sinabi ng Diyos sa kanila, *“Mahal ko kayo”* (1:2 ASD). Sa MBB, “Inibig ko na kayo noong una pa man.” Sa ESV, “I have loved you.” Ang daming kasalanan ng mga Judio sa kanya, at iisa-isahin natin ito sa series na ‘to. Pero ang unang sinabi ng Diyos ay hindi panunumbat. Hindi tulad ng isang asawang pagdating ng asawa na gabi na, “Bakit ngayon ka lang umuwi? Gabi na a. Hindi ka man lang nagtext. Amoy alak ka pa. Umiinom ka na naman. Hindi ka na nga nagtatrabaho. Ang tamad-tamad mo. Siguro nambababae ka pa.” Sa kabila ng napakaraming kasalanan ng kanyang bayan, ang unang sinabi ng Diyos ay “I love you.” Mahal ko kayo noon pa man. Mahal ko pa rin kayo hanggang ngayon. At makatitiyak kayong mananatili ang pagmamahal ko sa inyo

magpakailanman.

Sa kabila ng tambak-tambak na kasalanan natin laban sa Diyos, nagpapatuloy, umaapaw, walang palya ang kanyang pag-ibig sa atin. "…the steadfast love of the LORD is from everlasting to everlasting (Psa 103:17 ESV). "I have loved you with an everlasting love" (Jer. 31:3).

Dugtong pa niya sa verse 2, *"Pero nagtatanong pa kayo, 'Paano mo kami minahal?'"* This is not just a question. Nagpapakita ito ng pusong di naniniwala sa Diyos. This is unbelief. Mali ang tinitingnan natin. Tumitingin tayo sa paligid natin, tumitingin tayo sa ginawa o gagawin natin. Pero ang pruweba ng pag-ibig ng Diyos ay nasa puso ng Diyos mismo.

## Pinili ng Diyos na Tayo'y Mahalin

Ganito ang sagot ng Diyos sa ganoong tanong, sa naghahanap ng proof ng kanyang pagmamahal sa kanila. Ituloy natin ang verse 2, hanggang verse 3, *"Alalahanin ninyo na kahit magkapatid sina Esau at Jacob, minahal ko si Jacob pero si Esau, hindi. Winasak ko ang kanyang kabundukan, kaya naging tirahan na lamang ng mga asong gubat.*"

Anong klaseng sagot o proof ito? Si Abraham may dalawang anak, si Ishmael kay Hagar, at si Isaac kay Sarah. Natural na papaboran si Isaac dahil siya ang legitimate son of promise. Si Isaac may dalawang anak, si Jacob at si Esau. Dapat pantay lang ang tingin sa kanila, magkapatid kasi. Hindi lang magkapatid, kambal pa. Si Esau pa nga ang mas may privilege dahil siya ang naunang pinanganak. Pero hindi doon tumitingin ang Diyos. God is sovereign in choosing kung sino ang mamahalin niya.

Paliwanag ito ni Pablo sa Roma 9:11-13 (MBB),

> *"Ipinakilala ng Diyos na ang kanyang pagpili ay ayon sa sarili niyang layunin at hindi batay sa gawa ng tao. Kaya't bago pa ipanganak ang mga bata, at bago pa sila makagawa ng anumang mabuti o masama, sinabi na ng Diyos kay Rebecca [habang nagbubuntis pa lang siya, Genesis 25:23], "Maglilingkod ang mas matanda sa bata niyang kapatid." Ayon nga sa nasusulat [dito sa text natin sa Malachi 1:2-3], "Minahal ko si Jacob, at kinapootan ko si Esau."*

Pinili niyang mahalin si Jacob hindi dahil mas mabuti ito kay Esau. Hindi pa nga sila pinapanganak noon! Wala pa siyang ginagawang mabuti to earn God's love. Tapos nakita pa natin sa kuwento ng buhay niya ang pandaraya sa kanyang tatay at kapatid.

He’s unworthy of love. But God has chosen him anyway.

Sa pamamagitan ng balik-tanaw sa istorya kung saan nagsimula ang Israel (pinalit na pangalan ng Diyos kay Jacob, Gen. 32:28), ipinapaalala ng Diyos sa mga Judio na sila ay piniling mahalin ng Diyos sa dinami-dami ng mga lahi sa buong mundo, hindi dahil sa sarili nilang katangian, hindi dahil sa sarili nilang gawa, kundi sa kabila ng kanilang kalagayan, sa kabila ng kanilang mga masasamang gawa, pinili pa rin sila ng Diyos. Sabi ni Moises sa mga Israelita bago sila pumasok sa Promised Land,

> *“Pinili niya kayo at inibig hindi dahil mas marami kayo kaysa ibang mga bansa, sa katunayan, kayo pa nga ang pinakakaunti sa lahat. Pinili niya kayo dahil sa pag-ibig niya sa inyo, at sa kanyang pangako sa inyong mga ninuno” (Deut 7:7-8 MBB).*

Tulad ng pagpili sa Israel, tayo rin na nakay Cristo ay pinili ng Diyos. We are “a chosen people” (1 Pet 2:9). Ano ang nakita ng Diyos sa iyo bakit ka niya pinili? Wala! Sabi ni Jesus, “You did not choose me; I chose you.” We love him because he first loved us.

> *“Bago pa likhain ang sanlibutan, pinili na niya tayo upang maging kanya sa pamamagitan ng ating pakikipag-isa kay Cristo, upang tayo’y maging banal at walang kapintasan sa harap niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo’y kanyang pinili upang maging anak niya sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban” (Ef 1:4-5 MBB).*
>
> *“Kayo’y pinili ng Diyos Ama ayon sa kanyang kaalaman sa mula’t mula pa” (1 Ped 1:2). “Sapagkat sa mula’t mula pa’y alam na ng Diyos kung sino ang magiging kanya at ang mga ito’y pinili niya upang maging tulad ng kanyang Anak…Ang mga pinili niya noon pang una ay kanyang tinawag” (Rom 8:29-30).*

Ganyan kalaki ang pag-ibig ng Diyos sa atin! Bakit ka pa magdududa?

## Pinili ng Diyos na Tayo’y Di Maparusahan

Sa verse 3, sinabi ng Diyos na hindi lang basta minahal niya si Jacob, na parang lahat ng tao ay minahal niya nang tulad nito. No. This was a special love. *“Jacob I loved, but Esau I hated.”* Alam natin God is love. Kaya di tayo kumportable na na pagsamahin ang pangalan ng Diyos at ang “hate” o galit sa isang statement. Sabi nga ng iba, “God hates the sin, but loves the sinner.” Pero dito mismo sa Malachi sinabi ng Diyos, “I hated

Esau."

Karamihan sa mga commentaries na nabasa ko, they tried to explain this word "hate" at sinabing hindi naman literal. Parang bypassed or rejected or not-chosen to receive God's blessings. Parang ang idea ay mas higit ang pagmamahal ng Diyos kay Jacob at sa bansang Israel kaysa kay Esau at sa bansang Edom na nanggaling kay Esau (Gen 25:30; 32:3; 36:1). Pero ang sabi ng Diyos, "I hated Esau. I hated Edomites."

Pansinin n'yo kung paano pinaliwanag ng Diyos ang tungkol sa kanyang galit at poot sa kanila. Dugtong pa ng Diyos sa verse 3, *"Winasak ko ang kanyang kabundukan, kaya naging tirahan na lamang ng mga asong gubat."* Ito ay parusa. Oo nga't naparusahan ang Israel at Judah dahil sa kanilang kasalanan sa Diyos. Pero iba ang pagpaparusa ng Diyos sa Edom. Pinapakita niya dito na mali ang akala ng mga Judio. Hindi makakatakas ang Edom sa parusa ng Diyos. Maaaring ang tinutukoy dito ay ang nangyari nang unti-unting mapalayas ang mga Edomites sa lupa nila mula 550-400 BC, nang salakayin sila ng mga Nabatean Arabs, kaya napilitan silang mag-resettle sa lugar na tinatawag na Idumea, just south of Judah (ESV Study Bible notes). Tuluyang nawasak ang lupaing orihinal nilang tinitirhan at di na sila nabalik. "Whereas Judah was graciously restored after her punishment, reflecting the Lord's love for his people, Edom's judgment was to be permanent and irreversible."

Ganito naman ang sabi ng Diyos kasi, verse 4,

> *"Maaaring sabihin ng mga Edomita na mga lahi ni Esau, 'Kahit na winasak ang aming bayan, ito'y muli naming itatayo.' Ako, ang Panginoong Makapangyarihan ay nagsasabi: Kahit na itayo nilang muli ang kanilang bayan, gigibain ko pa rin ito. Tatawagin silang 'masamang bansa' at 'mga mamamayang laging kinapopootan ng Panginoon.'"*

No one can overturn God's judgment. Wala tayong magagawa para iligtas ang sarili natin sa parusa ng Diyos. Sabi nila, "Muli namin itong itatayo," na para bang nagtitiwala sila sa sarili nilang gawa. Pero wala silang magagawa. Sabi ng Diyos, "Ako, ang Panginoong Makapangyarihan…" The Lord of hosts (heaven's armies), the Lord Almighty. Because of his sovereign power, gagarantyahan ng Diyos na mananatili ang parusa sa kanila. Ganito kabigat ang parusa ng Diyos. Sila'y "masamang bansa" – makasalanan, rebelde sa Diyos. At ang parusa ng Diyos sa kanila ay mananatili magpakailanman. "Laging kinapopootan ng Panginoon."

Hindi madaling pakinggan. Yes, God is love. Pero he is also the God of wrath. Hindi natin lubos nauunawaan ang bigat ng kasalanan natin kaya hirap tayong unawain. Noong tayo ay wala pa kay Cristo, "sa ating likas na kalagayan, kabilang tayo sa mga

taong kinapopootan ng Diyos" (Eph 2:3 MBB). At kung hanggang ngayon wala ka kay Cristo, mananatili sa iyo ang poot ng Diyos (Jn 3:36). Hindi madaling pakinggan, pero hindi ibig sabihin na hindi totoo.

Minsan may lumapit sa Bible scholar na si Dr. Gaebelein (Wiersbe Bible Commentary OT, p. 1525), at ang sabi, "I have a serious problem with Malachi 1:3 (Esau I hated)." Sagot ni Dr. Gaebelein sa kanya, "I have a greater problem with Malachi 1:2 (Jacob I loved)." Mas madaling ipaliwanag ang poot ng Diyos dahil iyon ang nararapat sa mga makasalanan. Mas mahirap ipaliwanag kung bakit pinili ng Diyos na hindi magpatuloy ang parusa sa mga Israelita. Pinili ng Diyos na ibalik sila sa Diyos bagamat wala ni isa man sa kanila ang karapat-dapat. They, too, deserved the judgment against Edom. But they were spared, only by the sovereign grace of God, by the electing love of God. Pinili ng Diyos na di tayo maparusahan, bagamat karapat-dapat tayong maparusahan.

## Dahil kay Cristo

Bakit ganoon? Hindi dahil nakita ng Diyos na magbabago tayo, o marami tayong magagawa sa ministeryo para sa kanya. No! Unconditional ang pagpili sa atin, wala sa atin ang kundisyon, ang kundisyon ay nasa awa ng Diyos na nakatali sa ginawa ni Jesus para sa atin. "He chose us in him (in Christ) before the foundation of the world… In love he predestined us…" (Eph 1:4-5). In Christ. In love. Ang pag-ibig na tinanggap natin ay ayon sa ginawa ni Jesus para sa atin. Dahil tayo'y nakay Cristo, we are chosen, precious in his sight, children of God, beloved.

Anong ginawa natin para mabago ang kalagayan natin? Para mawala ang parusa sa atin? Wala! "Ang ipinantubos sa inyo'y hindi ang mga bagay na nasisira o nauubos, tulad ng ginto o pilak, kundi sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Cristo. Siya ang korderong walang batik at kapintasan. Pinili na siya ng Diyos sa gawaing ito bago pa nilikha ang daigdig" (1 Ped 1:18-19 MBB).

**Pinili ng Diyos na si Jesus ang umako ng parusang nararapat para sa atin, upang mapasaatin ang pagmamahal niyang di nararapat para sa atin.** You want a proof of God's love? Look to the cross, look nowhere else. Huwag kang titingin sa sarili mo o sa ibang tao o sa nangyayari sa paligid mo. Look to the Cross.

"Ipinadama ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa. Kaya't sa pamamagitan ng kanyang dugo, tayo ngayon ay napawalang-sala, at tiyak na maliligtas tayo sa poot ng Diyos. Dati, tayo'y mga kaaway ng Diyos, ngunit tinanggap na niya tayo bilang mga kaibigan sa pamamagitan ng pagkamatay ng kanyang Anak" (Rom 5:8-10 MBB). Pinili ng Diyos na si Jesus ang umako ng parusang nararapat para sa atin, upang mapasaatin ang pagmamahal niyang di nararapat para sa atin.

## Dakila ang Pag-ibig ng Diyos!

Hindi tayo ang nagbayad at nagtrabaho para sa pagmamahal ng Diyos. Si Jesus ang nagbayad at nagtrabaho para matanggap natin ang pagmamahal na iyon, at nakatitiyak tayong mananatili sa atin magpakailanman. Noong 2013, may isang matandang babae sa US ang nagkuwento tungkol sa kanyang asawa:

> *My Sweet husband, John, and I were married for 46 years. Each Valentine's Day, he'd send me the most beautiful flowers containing a note with five simple words: 'My love for you grows.' Four children, 46 bouquets and a lifetime of love were his legacy to me when he passed away two years ago.*
>
> *On my first Valentine's Day alone, 10 months after I lost him, I was shocked to receive a gorgeous bouquet addressed to me..from John. Angry and heartbroken, I called the florist to say there had been a mistake. The florist replied, 'No, ma'am, it's not a mistake. Before he passed away, your husband prepaid for many years and asked us to guarantee that you'd continue getting bouquets every Valentine's Day.' With my heart in my throat, I hung up the phone and read the attached card. It said, 'My love for you is eternal.'"*

Nakakakilig ang love story na 'to. Pero ang love story sa atin ng Panginoon, nakakanginig. The love of God makes us tremble. Kapag narealize natin na ang pag-ibig lang ng Diyos ang eternal – hindi kumukupas, hindi nababawasan, hindi nauubos, hindi naluluma, hindi nagbabago, hindi namamatay. Ginarantiya ito ng dugo ni Jesus na nabuhos para sa atin. Prepaid! It makes us tremble kasi narealize natin na ang laki ng parusa ng Diyos na kung saan ay iniligtas niya tayo, at ang laki ng pag-ibig na ipinaranas ng Diyos sa atin, kahit na tayo ay absolutely unworthy.

Hindi mo maa-undo ang pagpili sa iyo ng Diyos. Pinili ka niya, hindi ka na magiging un-chosen. Pinili ka niya at minahal hindi dahil sa ginawa mo. Huwag mong iisiping kaya mo sa pamamagitan ng mabubuti mong gawa na madadagdagan ang pag-ibig ng Diyos sa iyo. Huwag mong isiping kaya mo sa pamamagitan ng mga kasalanan mong mabawasan ang pag-ibig ng Diyos sa iyo. It's already perfect dahil kay Jesus!

The cross is God's love note to you, isang love letter na ang tintang ginamit ay ang dugo ni Jesus at nakasulat, "This is how much I love you." Hindi lang kapag Valentines Day. Kundi everyday na aalalahanin natin ang gospel, at sasabihin sa sarili natin, "Minahal ako ng Diyos, minamahal, at patuloy na mamahalin dahil sa Panginoong Jesus."

Bakit niya ito sinabi sa Malachi? Bakit niya ito sinasabi sa atin ngayon? Verse 5, "Makikita ninyo ang kanilang pagkawasak at sasabihin ninyo, 'Makapangyarihan ang Panginoon kahit sa labas ng Israel.'" Nais ng Diyos, at ang dapat nating prayer ngayon, ay mag-increase ang **faith** natin. Na huwag na nating pagdudahan ang pag-ibig niya, na huwag na tayong humanap ng iba. At masabi nating, ang pag-ibig ng Diyos ang kailangan ko, no love is higher, no love is greater, no love is deeper, no love is wider, no love is truer.

Nais din ng Diyos na mag-overflow ang puso natin sa **worship**. Na ang pagsamba natin sa kanya ay hindi superficial lang at ritual lang. Kundi iyong nanggagaling sa pusong nagsasabing, "Makapangyarihan ang Panginoon…" Dakila siya. Dakila ang pag-ibig niya. He is worthy of all our praise. "Oh how he loves us…."

Nais din ng Diyos na mag-increase ang commitment natin sa **missions**. Dakila ang pag-ibig ng Diyos, "kahit sa labas ng Israel." We will go beyond the borders of our church, our nation, our comfort zones, kasi dakila ang pag-ibig ng Diyos, at sasabihin sa mga tao na, "Dahil kay Cristo, mararanasan n'yo ang pagmamahal ng Diyos, hindi ang kanyang galit at parusa."